

PROLOGUE

Yam,

It's been two months and still no sign from you. Does this mean I have to really let you go? Pero paano kung ayaw kang pakawalan ng puso ko?

Hindi ko alam kung mahahanap mo ang sulat na ito. Dahil by this time hindi na kami ang mayari ng bahay. Pero sumubok pa rin ako.

If you've found this letter then it means you feel the same way and decided to look for me.

My parents have left the Philippines for good. They wanted me to come with them but I refused to go. I can't imagine myself living far away from our country, the orphanage and especially from you.

For now, kay Laila muna ako tutuloy. You remember Laila Olivares? The girl from Cebu City and my closest friend during our college days? She offered me to stay with them for a while.

Until we see each other again,

Cam

“Holy shit! She’s gotta be kidding!” bulalas ni Charm matapos basahin ang sulat na ikinagulat ng lahat. Nagtatakang napalingson si Aleana rito. Maging sina Mya at Tristan ay kunot-noong napatingin sa matalik niyang kaibigan dahil sa sigaw nito. Nanlalaki ang mga mata nito at kahit si Tristan ay mahihirapang ipinta ang hitsura ng kaibigan.

“This is not happening! Oh, my God, tell me this is just a dream!” OA pa itong sumigaw with matching taas ng kamay at sapo ng ulo.

More than a month ago, nagkaroon ng mild stroke ang papa ni Aleana. In-advise ng family doctor nila na kung maaari ay ilayo ang ama sa kung anuman na makaka-depress dito dahil baka atakehin muli ito. Hindi pa sana siya maniniwala sa doctor, pero nang makita ang araw-araw na pananamlay ng ama ay nagsimula na siyang mag-alala ng sobra. Idagdag pa ang misteryosong sulat na nakuha sa tabi ng papa niya nang araw na inatake ito sa puso. Isang sulat na nagmula sa isang nanggagalang, ‘Cam’.

She was all set to look for Cam, pero dahil kinailangan ni Charm ang tulong niya sa New York, napilitan siyang pakiusapan ang executive assistant niyang si Mya para simulan ang paghahanap. Mya

found the Trinidad's old house, ang pamilyang umampon kay Cam. But it turned out na wala na roon ang mga Trinidad at isang binatang nagngangalang Tristan na ang nakatira roon. Sa halip na pabayaang si Mya, tinulungan pa nito ang babae sa paghahanap kay Cam. Hanggang sa nauwi sa isang magandang relasyon ang dalawa.

At ngayon nga ay nandito sila sa bakuran ni Tristan looking for Cam's letter for Tito William. Hindi nga sila nagkamali. Natagpuan nila ang nakatagong sulat sa ilalim ng isang forget-me-not flower bed. Pero ang hindi niya inaasahan ay ang reaksyon ni Charm matapos nilang mabasa ang sulat.

“Anong dream?” kunot-noong tanong ni Aleana sa matalik na kaibigan. “Hoy! Ano'ng nangyayari sa 'yo, 'uy!” habol niya nang dere-derecho itong pumasok ng bahay ni Tristan na animo ito ang nagmamay-ari niyon. Napatingin muna siya sa magkasintahan bago sinundan ang babae. Naabutan niya itong nakaupo sa sofa.

“How the hell did that happen?” parang tangang kausap nito sa sarili.

Malakas niya itong hinampas sa balikat.

“Aray naman!” angal nito at lukot ang mukhang

tingnan siya.

“Ano ba kasi’ng nangyayari sa ’yo? What’s wrong with Cam’s letter at nagkakaganyan ka?” Narinig niya ang pagpasok ni Mya.

“She mentioned Laila Olivares!” Nandidilat ang mga mata nito.

“O ngayon? What’s with her at ang OA mo diyan?”

Tumayo ito. “She just happens to be the mother of Lalaine Olivares. The woman who stole my boyfriend. No erase that! My ex-boyfriend!” may diing sabi nito.

“Paano mo naman nasisigurong si Laila Olivares na sinasabi ni Cam sa sulat ay si Laila Olivares na nanay ng karibal mo?” Si Mya.

Bumaling ang tingin ni Charm sa sekretarya niya. “Ilan lang ba ang Laila Olivares na nakatira sa Cebu? Imposible namang dalawa sila!”

“Hindi ka nakakasiguro, Charm. Maaaring—”

“No. I’m certain about it,” putol nito sa sasabihin niya pa sana.

“How certain?” untag muli ni Mya. Katulad niya ay nagdududa rin ito sa conclusion ng babae.

Namaywang si Charm. “Hello? Para namang hindi n’yo ’ko kilalang dalawa. I did my own research. Know your enemy nga, di ba? Pinaimbestigahan ko si Lalaine. And guess what I’ve found out?”

“What?” magkapanabay nilang tatlo.

“That Olivares is one of the richest families in Cebu. Nagmamay-ari sila ng isang kilalang university doon and other establishments. At wala yatang taong hindi pamilyar sa apelyido nila. She was married, pero mas pinili nitong gamitin pa rin ang sariling surname. Kondisyon iyon ng ama nito para tanggapin ang lalaking mahal nito na isa lamang ordinaryong tao. Ang Laila Olivares na kilala ko ay siya ring Laila Olivares na kilala ni Cam. Ang ina ng babaeng siyang dahilan kung bakit nawala sa ’kin si Robert.” Nahahapong bumalik ito sa pagkakaupo sa sofa.

“I thought you’re over him?” lakas-loob na tanong ni Mya.

Tumango ang babae. “But I still hate Lalaine.” Lagpas-kisame ang tingin nito.

Nagkatinginan sila ni Mya. Parehong puno ng pagkabahala ang mga mukha nila. For the past few days, panay ang pangungumbinsi ni Charm sa kanilang dalawa na tapos na ito sa depression nito

kay Robert. That she got over him so quickly. But they both knew that there was something wrong with her. Oo nga at masayahin ito noon, kikay, madaldal at dati nang overacting. Pero mas naging OA ito ngayon. Hindi lang ito madaldal ngayon, maingay pa. Nagmukhang trying hard na gustong higitan ang ilang kilalang komedyante.

Tinabihan niya ito sa sofa. Hinawakan ang isang kamay nito at bahagyang pinisil.

“Don’t you think that’s a little unhealthy? You’re over him, yet, may grudge ka pa ring nararamdaman sa babae. Which made us think that you’re not totally over—”

“I am!”

“Pero di ba dapat masaya ka na para sa kanilang dalawa? You should have move—”

“How can I not hate her kung siya ang dahilan kung bakit nawala ako nang mahigit isang linggo sa New York?”

“You mean she ordered people to kidnap you?”
di-makapaniwalang untag ni Aleana.

Buntong-hininga lang ang sagot ni Charm.
Nagkatinginan ulit sila ni Mya.

1

New York City. More than a month ago...

“What was that all about?” bulyaw ni Robert kay Charm pagkasarang-pagkasara ng lalaki sa pinto ng condo unit niya.

Kampante siyang naglakad papunta sa gitna ng sala at marahang humarap dito; nakahalukipkip pa.

“What?” She tried to control her temper. Ayaw niyang makita ng lalaki na sobrang apektado siya. Kahit pa sa totoo lang ay gustung-gusto niya na itong sampalin hanggang sa maging kasing-kulay na ng ketchup ang pisngi nito at pagsusuntukin ito kanina sa *Bryant Park* pa lang. Pero nagtimpi lang siya.

“Pinahiya mo ’yung designer sa backstage! Alam mo bang ang sama-sama ng loob niya? She doesn’t deserve that kind of treatment!”

“Of course, she does!” Bahagyang tumaas ang boses niya. Kung iisipin ang kataksilang ginawa ng mga ito, kulang pa ang ginawa niya sa babae sa ilang gabing pag-iyak niya. Ano lang naman ba

iyong tinanggihan niyang suotin ang mga creations nito kumpara sa ginawa nito sa kanya? Kinuha nito ang isang bagay na natitira na lang sa kanya—ang pagmamahal ni Robert. Iyon na nga lang ang mayroon siya, ngayon ay mawawala pa?

Four years ago, noong hiwalayan siya ng long-time boyfriend niya sa Pilipinas ay nagdesisyon siyang mag-migrate na sa New York City para tuluyan na itong kalimutan at makapag-move on. Walang problema sa parents niya dahil mas importante sa mga ito ang business empire nila, mga charity works ng mommy niya at ang panatilihing mabango ang pangalan nila. Mabuti pa ang charity ng ina, inaalagaan at pinapansin araw-araw. Takbuhan ito ng mga mahihirap at nangangailangan ng tulong. Pero siya, kahit siguro gumapang pa siya papalapit sa mommy niya ay baka unahin nito ang nakapila sa likod niya na mga nakatayo lang.

Hindi rin matatawaran ang hirap na dinanas ni Charm para lang marating ang kung anumang kasikatan mayroon siya ngayon. Nagtagumpay siyang makilala bilang isang international model. Most sought-after model siya kapag panahon ng fashion sa New York, Paris at Milan. Paborito rin siyang model ng mga clothing companies at fashion magazines sa States at Europe. Unti-unti nang nakikilala ang

pangalan niya noon nang magtagpo sila ni Robert na isa ring Pilipinong modelo. Kung siya ay papaangat noon, ito naman ay papalubog. Masyadong itong maraming bisyo at palagi na lang late sa mga shows. Umakyat sa ulo nito ang kasikatan. At kung hindi pa dahil sa kanya ay baka pinatalsik na ito sa agency nito.

Noon nagsimulang manligaw sa kanya ang lalaki. Dahil nga wala nang mga designers at kompanya na gustong kumuha rito ay humingi ng tulong sa kanya ang binata. Unti-unti nang nahuhulog ang loob niya noon kay Robert. Tinulungan niya itong muling umangat.

At ngayong bumalik na ang kasikatan ng lalaki ay unti-unti na rin itong nawawala sa kanya. Talaga bang ginamit lang siya nito para makabalik sa mundo nila? Hindi man lang nito inisip ang lahat ng tulong na binigay niya rito para hindi ito mawala sa fashion world? Hindi naman sa nagbibilang siya, nanunumbat o kung ano pa man. Pero iyon talaga ang nararamdaman niya ngayon.

“Bakit? Sino ka ba para magkaroon ng karapatang laitin ang mga gawa niya? Isa ka lang model. Wala kang karapatang manlait ng designs ng ibang tao dahil hindi mo alam ang hirap na ginawa nila

matapos lang iyon.”

“Excuse me? Hindi ko nilait-lait ang mga gawa niya. I only refused to wear her clothes because I don’t think they are my style.”

Nagkagulo kanina sa backstage dahil sa biglang pagbabago ng isip ni Charm. Every year ay nagkakaroon ng fashion week sa New York kung saan pinapakita ang mga bagong gawa ng mga sikat na fashion designers. Dinadaluhan ito ng mga kilalang tao sa larangan nila at maging ng mga kilalang clothing company ng New York. And for four consecutive years, hindi nagmintis si Charm sa pagsali sa fashion event na iyon. Doon siya nagsimula at unang nakilala kaya sinusuklian niya iyon sa pamamagitan ng pagboboluntaryong maging isa sa mga models na rarampa sa stage. Hindi siya nagpapabayad sa event na iyon. Wala ni isa sa mga organizers at staff ang hindi niya nakakasundo. Lahat ay aliw na aliw sa kanya at nababaitan. Dahil sa kabila ng kasikatan niya ay nananatili siyang nakatapak sa lupa. Model siya, pero kapag kasama niya ang mga ito ay wala siyang arte at kiyeme. Kaya lahat ay gusto siya.

Pero nagulat ang lahat kanina nang tanggihan niyang suotin ang mga gawa ng isang bagong designer. Ang mga young designers kasi ang magsisimula ng

fashion week sa taong iyon. Noong fitting day ay kontodo puri siya rito, pero kanina ay nabaliktad ang mundo. Nagulat ang lahat sa inasal niya dahil for the first time, nagreklamo si Charm Quijano. Mabuti na lang at kaibigan niya ang isa sa mga designers. Alam nito ang pinagdadaanan niya kaya hindi na ito nagtanong kung bakit biglang-bigla ay nagbago ang isip niya.

Dahil ang bagong designer na inayawan niya ay walang iba kundi ang bagong babaeng kinahuhumalingan ngayon ni Robert—si Lalaine Olivares.

“Yeah, right!” di-naniniwalang sabi nito. “Gan’un na din ang labas n’un. Refusing her means hindi ka nagagandahan sa gawa niya. Mabuti na lamang at kahit paano ay gumaan ang loob niya nang lapitan at purihin siya ni Marc Jacobs,” tukoy nito sa isang sikat at respetadong designer.

“Really? Gumaan dahil d’un, o gumaan dahil kinonsuwelo mo?”

Naumid ang dila ng nobyo. She was very professional. Hindi siya ang tipo ng taong pinaghahalo ang business sa personal matters. Kahit pa sabihing inagaw ni Lalaine si Robert sa kanya, labas ang personal nilang problema sa trabaho. Isa pa, Pilipina

ring kagaya niya ang babae. Alam niya kung gaano kahirap mag-establish ng pangalan sa banyagang bansa, lalo na sa New York. Kaya walang-wala sa plano niya ang pahiyain ito.

Pero nang dumating siya sa venue kanina ay nakita niya agad si Robert na nakikipagtawanan at nakikipagkuwentuhan sa dalaga. Ang damuho! Hindi siya sinundo sa condo niya dahil may daraanan pa daw itong napakaimportante. Ano ang importante ang sinasabi nito? Ang daanan ang designer at ito ang sunduin sa halip na siya na girlfriend nito? Ano ang mayroon ang babaeng iyon na wala siya at ito pa ang pinili ng lalaki? And worse, ipinamumukha pa ng dalawa ang ginagawang pagtataksil ng mga ito. Hindi man lang nakaramdam ng hiya! Hindi iilang mga modelo ang nakapansin sa ka-sweet-an ng dalawa. Lahat ay napapatingin sa kanya kapag nakikita ang pagtatawanan ng mga ito. Iyon iyong klase ng tingin na may halong pagkaawa.

Noon siya nagsimulang magngitngit. Nasira ang gabi ni Charm. Nang lumapit si Lalaine sa kanya kasama ang assistant ng isa sa mga organizers ay hindi niya na makuhang makipagplastikan dito at tanggapin ang pakikipagkamay nito. Naramdaman yata ng babae panlalamig niya kaya lumayo muna ito sa kanya. Lumapit naman si Robert dito para

konsolahin ito. Tuloy ay pinag-initan niya ang mga gawa ng dalagang designer.

“Now you tell me, Robert, what the hell is going on between you and that girl?” Humakbang siya palapit dito.

Naging mailap ang mga mata ng nobyo. “I don’t know what you’re talking about, Charm.”

“Yeah, right!” sarkastikong sagot niya. “Maglolokohan pa ba tayo? Halos lahat na ng katrabaho natin ay alam na ang boyfriend ko ay nahuhumaling sa isang baguhang fashion designer. Ako na nga lang itong nahuli sa balita, eh!”

Tahimik ang lalaki at nakayuko. Na para bang tinitingnan kung totoo ngang puti o off-white ang kulay ng tiles ng sahig ng condo unit niya.

Nang ilang segundo na itong hindi pa rin umaangat ng mukha ay nanggigigil na tinulak niya ito sa balikat gamit ang isang kamay. “W-what?” untag niya. Bahagya lang itong gumalaw, pero hindi pa rin natitinag ang mukha nito sa pagkakayuko.

Nang sa wakas ay umangat ito ay naging maamo na ang mukha. Biglang lumipad sa bintana ang kanina lang ay galit na galit nitong mukha. “I can explain, Charm.”

“Go ahead.” Humalukip siya ulit.

“I never planned any of these. You know how I much I cared for you.”

Pinigilan niya ang mapaluha sa sinabi nito. *Cared*. Hindi love. In past tense pa. Hindi lang siya ibinitay patiwarike ng lalaki sa sinabi nito, pinugutan pa ng ulo at pinatakan ng kalamansi pagkatapos. Sobrang torture.

“And then I met Lalaine. Sa una pa lang ay attracted na 'ko sa kanya. Please believe me, ginawa ko ang lahat ng makakaya ko para pigilan ang attraction na iyon at layuan siya. Alam ko kung saan ako lulugar. I have you at alam kong masasaktan kita. I don't wanna hurt you, Charm. Considering na ikaw ang dahilan kung bakit hanggang ngayon ay nandito pa rin ako sa kinatatayuan ko, hindi ko nakakalimutan ang lahat ng naitulong mo sa 'kin. And I'm so grateful for having you in my life. But fate would always bring us together. Lagi na lang kaming nagkikita accidentally kung saan-saan. Hanggang sa hindi ko na napigilan ang sarili ko, I fell in love with her.”

Hindi na napigilan ni Charm ang pagpatak ng luha niya. Totoo nga pala ang kasabihan, the truth hurts. At ang pinakamasakit sa lahat? Nakayang

maging honest sa kanya ng lalaki at amining may minamahal na itong iba at sabihing past tense na lang siya sa buhay nito. Ni hindi man lang nito nakuhang magpreno at bumusina para maihanda niya ang puso niya. Ni hindi rin nito nakuhang i-deny at magsinungaling man lang. Parang mas gusto niya pang saktan siya ni Robert nang dahan-dahan kaysa ganitong inisang bagsak ang lahat ng bomba.

At ang isa pang masakit at tila nuclear bomb sa lakas ay ang piping pag-amin nito na mas mahal nito ang babae kaysa sa kanya. Dahil nakaya nitong makipaglapit sa designer kahit alam nitong masasaktan siya. Hindi iyon naging hadlang para sa dalawa. Mahal siya ng lalaki sa paraang hindi katulad ng sa kanya. Parang lumalabas na tumanaw lang ito ng utang na loob kaya nagtagal ang relasyon nila.

Pinahid niya ang luha sa mga pisngi. “I’m gonna ask you something, Robert. And please be honest, for Christ’s sake.” Naghintay muna siya ng ilang segundo. Tinitimbang kung dapat niya pa nga ba iyong itanong sa lalaki gayong nakabalandra na sa pagmumukha niya ang buong katotohanan. “Sa three years na pinagsamahan natin... minahal mo ba ’ko kahit minsan lang?” Nabasag nang tuluyan ang boses niya.

Nang makita niya ang biglang paghihirap sa mukha nito ay nag-unahan na sa pagtulo ang luha niya. Sapat na ang ekspresyon sa mukha nito para komfirmahin ang kanina ay iniisip niya pa lamang. Pinigilan niyang magkatunog ang iyak niya. Sa sobrang pagpipigil ay tila bumara iyon sa lalamunan niya at nahirapan siyang huminga. Kaya napasagap siya ng maraming hangin.

“I... I get it.” Tinalikuran niya ang binata.

Naramdaman niya ang pagyakap nito mula sa likuran niya. “Minahal kita, Charm. I may not have loved you the way you wanted me to but I really did. Please believe me. Hindi tayo magtatagal kung hindi ganoon. And please, alisin mo sa isip mo na ginamit lang kita para hindi ako tuluyang lumubog. I care so much about you. Mabuti kang tao at kung puwede lang ay ayaw kitang saktan. Kaya lang, you have this high expectation sa relasyon natin. You wanted it to be perfect dahil ayaw mong matulad tayo sa mga magulang mo. Too perfect na kung minsan ay nakakasakal na. Para tayong mga empleyado na laging may sinusunod na office rules at kapag nalabag ay may kaukulang parusa.”

Mali ba iyon? Mali bang siguruhin niyang hindi sila matutulad sa mga magulang niyang sa sobrang

Thoughts Of Love - Jean Mae Oryza

abala sa kani-kanilang trabaho ay nawalan na ng oras sa isa't isa at kung magturingan na lang ay tila business partners? Hanggang sa nawala na rin ang pagmamahal ng mga ito at nagsasama na lang sa iisang bubong dahil ayaw masira ang magandang pangalan nila... How pathetic!

Pero sino ba ang mas pathetic ngayon? Ang mga magulang niya na nagsasama pa rin sa kabila ng lahat o siya na ngayon ay muli na namang mag-iisa?

2

Pasado alas onse na nang magising si Charm. Iyon ay ayon sa relong nasa side table niya. Pero sa halip na bumangon ay nanatili siya sa higaan niya. Alas onse na, pero para pa ring gabi sa kuwarto niya—madilim at malamig. Parang siya, madilim ang kinabukasan at walang kasing-lamig ang nararamdaman niya dahil sa pag-iisa. Tuluyan na siyang iniwan ni Robert.

Kausap niya noong weekend si Aleana at ang sabi, pupuntahan siya nito para damayan. Apat na araw na siyang hindi nagpapakita sa mga tao. Alam niyang nag-aalala na ang manager, maging ang PA niya dahil hindi siya mahagilap ng mga ito. Sinadya niyang patayin lahat ng puwedeng komunikasyon niya sa labas.

Bakit kaya hindi pa dumarating si Aleana?

Stop it, Charm! Hindi lang sa 'yo umiikot ang buhay ni Aleana.

Siguro ay isa iyon sa mga rason kung bakit nawala ang pagmamahal ni Robert sa kanya. She desperately longed for someone who would take good care of her and love her with all his heart. Isang pagmamahal na

hindi niya natikman mula sa mga magulang.

These past few days, napag-isip-isip niyang in a way ay may kasalanan din siya kung bakit nauwi sa wala ang relasyon nila ni Robert. Tama ito. Charm was too much of a perfectionist. Sa sobrang takot na matulad siya sa ama't ina, hindi niya namalayang napasobra siya at naging OA na. Tuloy, nawala ang pagmamahal ng lalaki sa kanya.

Their relationship was always by the book. Lagi ay nagbabasa siya ng mga tips kung paano magtatagal ang isang relationship. Na-overuse ang mga nabasa kaya heto siya ngayon, nag-iisa sa malamig niyang kuwarto. Kinusot niya ang mga mata. Alam niyang sobrang maga na iyon; sa sobrang maga ay baka mapagkamalan na siyang kapatid ni *Nemo*.

Kahit tinatamad ay ipinasya niyang tumayo. Dumerecho siya sa banyo nang nakapaa lang. Kinapa niya ang switch ng ilaw. Napapikit siya nang sumakit ang mga mata niya dahil sa liwanag. Ilang araw na siyang nasanay sa dilim kaya hindi nakayanan ng mga mata niya ang sobrang ilaw sa banyo.

Nang hindi na iyon masakit ay pumasok na siya nang tuluyan sa bathroom. Pinagmasdan niya ang sarili sa salamin. Kung naiba-iba lang ang sitwasyon, tiyak na sisigaw siya sa nakitang repleksyon.

Magulong-magulo ang buhok niya dahil ilang araw na itong hindi nakakatikim ng suklay, mamumula at magang-maga ang mga mata. Masyadong oily ang mukha niya na puwede na itong pagprituhan ng isda. Binasa niya ang mga labi dahil mukhang hindi iyon nasasayaran ng tubig.

Kulang na lang ay magsisisigaw siya ng, “*Crispin! Basilio!*” at tiyak na papasa na siyang *Sisa*. Napagtanto niyang hindi pa rin pala siya nakakapaligo. Hindi niya na makita sa salamin ang dating Charm na masayahin at glamorosa. Humugot muna siya ng malalim na buntong-hininga bago tinalikuran ang salamin. Hindi niya kayang tingnan ang sarili. Papalabas na siya ng banyo nang tumama ang hinliliit niya sa paa sa pintuan.

“Shit! Shit! F*ck! Argh!” sigaw niya sa sobrang sakit. Napuno ng mura ang bibig niya. Doon niya nilabas ang sakit na nararamdaman ng hinliliit niya. Sa sobrang sakit ay nag-umpisa na namang tumulo ang luha niya. Ang laki-laki ng pinto, bakit hindi niya man lang nakita? Ano ang silbi ng mga mata niya?

Tumutulo ang luha na napasalampak siya sa banyo. Marahan niyang minasahe iyon sa pag-asang kahit paano ay mawala ang sakit. Kasabay ng pagtakbo na naman ng isip niya.

Nitong nakakaraang mga buwan, nakita niya na lahat ang mga senyales na wala nang pagmamahal sa kanya si Robert, pero nagbubulag-bulagan pa rin siya. Tuloy pa rin siya sa ginagawa at imbis na ihanda ang sarili at puso sa maaaring kahinatnan ng relasyon nila ay mas pinili niya pang balewalain ang lahat. Para lang siyang hinliliit niya. Kitang-kita na nga ng mata niya ang pinto, pero tuloy pa rin siya sa paglalakad at ni hindi man lang umiwas. Nadale tuloy ang hinliliit niyang walang kasalanan.

Siya kaya? Sino kaya ang taong magmamasaha sa puso niya para mawala ang sakit na nararamdaman niya? Gaya ng ginagawa niyang pagmasaha sa hinliliit niya ngayon.

Suminghot si Charm nang maramdamang may tutulo mula sa ilong niya. Kung hindi ba naman siya loka-loka, hinliliit lang ang sumakit ay nag-drama pa siya. Tuluyan niya nang isinandal ang ulo sa pinto at ipinikit ang mga mata.

“Charm? Oh, my God!”

Nang imulat niya ang mga mata ay nakita niya ang pamilyar na mukha ng babae—si Aleana.

“Bakit kaya gan’un, Yana? Hindi ba ’ko deserving

na mahalín? Bakit lahat na lang yata ng importanteng tao sa buhay ko ay hindi nagtatagal?”

Kagigising lang ni Charm ulit. Pagkatapos siyang makita ng kaibigan na nakasalampak sa banyo ay dinaluhan siya agad nito. Pinahiga sa kama at pinainom ng sleeping pills nang malamang wala siyang maayos na tulog dahil sa kaiiyak at kaiisip. Nang magising siya ay hindi niya na alam kung anong oras na at may dala nang tray ng pagkain si Aleana. Sunny side-up egg, hotdogs, bacon and fried rice ang inihanda nito. May coffee pa.

Nang maamoy ang pagkain ay bigla siyang nagutom. Funny, pero noong mga araw na wala siyang ibang ginawa kundi mag-drama, hindi man lang siya nakaramdam ng gutom. Ngayon lang.

“Gusto mo ihulog kita sa kama?” masuyong tanong ng kaibigan, pero alam niyang nagbibiro lang.

Tumingin siya rito. “I’m serious, Yana.”

“Ako din naman, ah! How can you say na walang nagtatagal sa ’yo kung ’andito pa rin ako? ’Andyan si Mya! Don’t tell me hindi kami importanteng tao sa buhay mo? Pare-reimburse ko talaga sa ’yo ang pamasaha ko.”

Natahimik si Charm. May punto ito. Masyado

lang siyang nakatuon sa depression niya ngayon kaya nakalimutan niyang i-appreciate ang ibang magagandang bagay sa buhay niya. May Mya at Aleana pa siya na kahit kailan ay hindi nawala sa kanya.

“Umaandar na naman ang insecurities mo sa katawan, Charm,” babala nito.

“I can’t help it! Masisisi mo ba ’ko? All my life pinaramdam sa ’kin ng mga magulang ko na hindi ako importante sa buhay nila at hindi nila ako kailangan. At ngayon na nakahanap ako ng lalaking alam kong kakailanganin ako sa buhay niya, nawala pa rin siya. Ano’ng gusto mong maramdaman ko? Matuwa?”

“Ayan! Sa mismong bibig mo na rin nanggaling.” Umiling-iling ang kaibigan. “You know what’s wrong with you? Masyado mong pinapairal ang insecurities at trauma mo sa mga magulang mo. Takot kang magmahal sa isang lalaking nakikita mong mabubuhay pa rin nang wala ka, kaya you settled for Robert. Kasi alam mong may utang na loob siyang tinatanaw sa ’yo. Nasisiguro mong hindi ka niya iiwan kaya okay lang sa ’yo kung gamitin ka dahil iyon naman ang gusto mo. Masisiguro mong hindi matutulad ang relasyon n’yo sa mga magulang mo na kulang na lang ay legalities para masabing hiwalay

na. Dahil alam mong hindi makikipaghiwalay sa 'yo ang lalaking iyon."

Natahimik na naman siya. Iyon ang mahirap sa kaibigan niya; hindi ito mangingiming magsabi ng totoo sa kanya. Kesehodang naghihingalo na siya, sasabihin pa rin nito na kasalanan niya kaya mamamatay siya.

"Hindi naman gan'un ang totoong pagmamahal, Charm," dagdag sermon pa nito. "Hindi ka minamahal dahil kailangan ka lang sa buhay nila at iiwan na kapag wala nang nahihita sa 'yo."

"Hindi naman gan'un si Robert. He loves me despite everything. Kailanman ay hindi niya 'ko inabuso." Nakuha niya pang ipagtanggol ang dating nobyo. Somehow ay naiintindihan niya na ngayon ang kaibigan. Ito rin ang sinasabi sa kanya noon ni Robert na pilit niyang binabalewala dahil sariwa pa ang sakit noon. Pero ngayon...

"I know," sagot ni Aleana. "Kaya lang, dumating na ang babaeng nakalaan para sa kanya. At hindi ikaw iyon. Wala kang magagawa dahil iyon ang kalakaran ng buhay. Sabi nga, 'cry a river, build a bridge and get over it'. As simple as that."

"But I love him!"

“You want my honest opinion about that?” Hindi na nito hinintay ang sagot niya. “You never really loved Robert the way you thought you did.”

Napakunot-noo si Charm. Parang gusto niyang magprotesta sa sinabi nito.

“Gaya nga ng sinabi ko kanina, minahal mo lang siya dahil sa kanya mo nakikita ang bagay na hindi mo naramdaman sa mga magulang mo—ang kailanganin ka at gawing importante sa buhay niya. But you never did love Robert that much. It’s just your ego. Hindi mo matanggap na kahit anong pagpipilit pa ang gawin mo, magtatapos ang relasyon n’yo gaya ng sa mga magulang mo.”

Natahimik siya. Nag-isip. Pero hindi kayang tanggapin ng puso at utak niya ang sinasabi ng kaibigan. Totoong mahal niya si Robert. “Three years, Yana. Hindi naman kami magtatagal kung hindi ko siya mahal.”

“Hindi ko naman sinabing hindi mo siya mahal. Ang sa akin lang, hindi gan’un kalalim gaya ng inaakala mo.”

Napailing si Charm. “Bakit parang ang dali lang para sa kanyang itapon iyon? Bakit sa isang iglap, bigla na lang nawala at nabaling iyon sa ibang

babae?”

Napahinga nang malalim ang kaibigan. Mukhang nahalata nito na hindi niya tinatanggap ang paliwanag nito. “Sabi nga ni Nina di ba, ‘*Love Moves In Mysterious Ways*’. Hindi ko masasagot ang tanong mo dahil hindi naman ako si Love o si Nina. Ako si Aleana. Hinayaan na kitang mapag-isa at umiyak nang higit pa sa river. And I guess tama na iyon. Move on, Charm.”

“Ayaw ba ’kong maging masaya ni Lord? Bakit kinuha niya pa si Robert sa ’kin?”

Binitawan ng kaharap ang kutsara’t tinidor at sinalubong ang tingin niya. “Dahil hindi siya ang hinihiling mo. Can’t you see? Pinaalis siya sa buhay mo dahil hindi siya ang pinapangarap mong ‘someone’. That means to say, hanggang ngayon ay hindi pa dumarating ’yung para sa ’yo. God doesn’t want you to have complications kapag dumating ang araw na makikita mo na si ‘Someone Special’. Ang tali-talino mo, pero kung minsan ay hindi ko maintindihan kung bakit nahihirapan kang gamitin ’yang kukote mo. Gamitin mo nga ’yan ngayon.” Dinutdot nito ang sentido niya sa pagkagulat niya.

Kung tutuusin ay marahan lang iyon, pero sapat na para maliwanagan siya. Aleana had a point. Robert was not the one for her. Hindi ito ang lalaking

hinihiling at pinapangarap niya noon pa mang bata siya. At may isang lalaking nakalaan sa kanya na hindi pa lang dumarating.

Sa isiping iyon ay gumaan ang pakiramdam ni Charm kahit paano. Ilang araw pa siyang umiyak, isang dutdot at eksplanasyon lang pala mula sa matalik na kaibigan ang kailangan niya para maibalik ang sarili niya.

“Mag-gro-grocery ako bukas. Ubos na ang mga stocks mo, eh. Wanna come?” alok nito.

Umiling si Charm at ngumiti. “Dito na muna ako. I have to call Jill pa and inform him that Charm Quijano is back and ready to face the world again,” tukoy niya sa kanyang manager. Dati itong fashion designer at ngayon ay nagdesisyon na lang na mag-manage ng mga models na gaya niya.

“That’s the spirit!”

Magaan na ang pakiramdam ni Charm kinabukasan. Hindi niya masasabing she was totally over Robert. Pero unti-unti nang natatanggap ng isip niya na may mahal na itong iba at hindi sila ang para sa isa’t isa. Salamat kay Aleana. Ang kailangan niya na lang gawin ngayon ay turuan ang pusong tuluyang

tanggapin iyon. Pero bago iyon, ipagpapatuloy niya muna ang buhay niya at uumpisahan niya iyon sa pagtawag sa manager niya. Ipapaalam niya ritong puwede na ulit siyang magtrabaho.

Papasok na sana siya sa kusina para kumain nang biglang mag-ring ang telepono. Napatigil siya saglit at nagdalawang-isip kung sasagutin iyon. Maagang umalis si Aleana para mag-grocery kaya walang ibang maaaring sumagot niyon kundi siya. Sa huli ay hinayaan niya na lang ang answering machine. Ipinagpatuloy niya ang naantalang gagawin nang marinig ang sariling boses. Para lang mapatigil ulit nang marinig ang caller niya.

“H-hi, Charm. I-it’s me, Lalaine...” mahabang patlang. Ramdam niya ang pag-aatubili sa boses nito. “I... I don’t know how or where to start. I guess, let me start by saying sorry? Kami ni Robert. We’re very sorry kung nasaktan ka man namin nang di sinasadya. We didn’t mean to. God knows how much I tried to stay away from him dahil alam kong may girlfriend na siya.”

Sa narinig ay naikuyom ni Charm ang dalawang kamay. So Lalaine knew she was Robert’s girlfriend. Pero pinili pa rin nitong makipaglapit sa lalaki? Anong klaseng pag-iwas ba ang ginawa nito at hindi pa rin

effective? Ang kaninang magaang na pakiramdam ay napalitan ng galit dahil sa ibinunyag ng babae. Malalaki at sigurado ang mga hakbang na lumapit siya sa kinaroroonan ng telepono.

“B-but... I don’t know how it happened. I fell—”

“Alam mong may girlfriend na ’yung tao pero nakipagmabutihan ka pa rin sa kanya?” putol niya sa iba pa sanang sasabihin nito nang angatin niya kaagad ang receiver. Kahit hindi niya ito nakikita, alam niyang nagulat ito dahil sa biglang pagsabat niya. Baka nga nanlalaki pa ang mga mata nito.

“I did my best, Charm—”

“But I guess your best wasn’t good enough,” sarkastikong dugtong niya na hiniram pa sa kanta ni James Ingram. “Ano bang dahilan ang isinaksak mo diyan sa kukote mo at nakuha mo pang makipaglapit sa boyfriend ko? Oh sorry! I mean ex-boyfriend, since naagaw mo na siya sa ’kin,” may diing sabi niya.

“Nagmamahalan kami ni Robert, Cha—”

“Bullshit!” Hindi niya napigilang magmura. “Bakit ako? Hindi ko ba siya mahal? Mahal ko rin siya, Lalaine. Kung sana ay kinarir mo ang pag-iwas kay Robert, hindi sana ako umiiyak ngayon at sawi. Masaya pa sana ako!”

Tumulo na ang luha ni Charm. Akalain niya ba iyon? May natitira pa palang tubig sa katawan niya matapos ang ilang araw niyang pag-iyak? Alam niyang nagsisimula na naman siyang maging unreasonable. Katatapos niya lang sabihin kanina na natanggap na ng utak niya na wala na sila ni Robert, pero heto siya ngayon at inaaway si Lalaine.

Kung naiba-iba lang ang sitwasyon, mase-save pa sana nila ni Robert ang relasyon. Siguro nasabi kaagad ng nobyo ang problema kung hindi ito inagaw agad ni Lalaine. Kung sana ay tumakbo agad ito kapag nagkikita ang mga ito para hindi na tuluyang mahulog ang loob ng dalawa sa isa't isa.

Bakit siya? Nagagawa niyang iwasan ang mga suitors niya noon dahil may boyfriend siya. Iniisip niya ang maaari nitong maramdaman kapag nagkataong nagtaksil siya. Bakit hindi iyon kayang gawin ni Robert sa kanya? Narinig niya ang ingay sa kabilang linya. Tila may kung sinong umagaw ng telepono. And then she heard Robert's voice.

“Honey, listen—”

“*Honey?* Wow, hanep! You have the nerve to call me ‘Honey’? Gayong magkasama kayong dalawa at nagpapakasaya samantalang ako dito ay nahihirapan?”

She could not believe it! Bakit ba may mga taong super duper insensitive? At bakit pa tumawag ang mga ito? Para ipamukha sa kanya na panalo ang mga ito?

“Listen to me, Charm—”

“No, *you* listen to me!” putol niya. “Nas’an ba kayo ngayon? Nasa apartment ng babae mo? Wait for me there at dadalaw ako. Mas maganda kung personal tayong nag-uusap, di ba?” sarkastikong saad niya. “Para naman makita n’yo ’ko at nang makonsyensya kayo sa pinaggagagawa ninyo. Ang kapal ng mga mukha n’yo!”

Iyon lang at ibinagsak niya nang todo ang receiver.

3

Tanging sulat na lang ni Lalaine ang nakita ni Iver sa kama nito kinabukasan nang pasukin niya ang kuwarto nito. Halos kalahati ng laman ng cabinet ng dalaga ang nawawala.

Kuya,

Robert loves me. Gusto lang muna naming magpalamig and let Charm get over him. Hindi mangyayari iyon kung nasa tabi lang kami at lagi niya pa rin kaming makikita. It wouldn't be healthy for her knowing na iisa lang ang mundong kinabibilangan namin.

In time, magkikita at magkikita pa rin kami kahit anong iwas ang gawin namin. We just hope na hindi magtatagal ay makakaharap na kami kay Charm nang walang nasasaktan isa man sa aming tatlo.

Please understand us.

Lalaine

Napahilamos siya ng mukha pagkatapos mabasa ang sulat at marahas na bumuntong-hininga. Saka umiling. Kahit hindi niya pa nakikita ang sulat na iniwan ng kapatid, alam niyang umalis na ito. Kilala niya si Lalaine, ang pagtakbo ang unang-unang ginagawa nito kapag nagkakaroon ng problema.

Noong isang araw ay nagkasagutan sila nang malaman niya ang ginawa nito. Inagaw nito ang boyfriend ni Charm Quijano na siya sanang model ng damit na dinesenyo nito noong fashion week. Naipagkamali pa nito na mas kinakampihan niya ang babae kaysa rito.

He just wanted Lalaine to realize na hindi maganda ang ginawa nito. He wanted her sister to be happy but not at the expense of other people.

Walang problema sa kanya kung nagmamahalan ang dalawa. Ang gusto niya lang, bago magsaya ang mga ito ay matapos na muna ang kung anumang dapat tapusin ng lalaki sa dati nitong nobya. Mahal na mahal niya ang kapatid. Kaya nga ni minsan ay hindi siya naglaro ng damdamin ng mga babae at ingat na ingat siya para hindi makapanakit dahil takot siyang makarma at ito ang magbayad niyon. Ganoon niya kamahal si Lalaine.

Dalawa lamang silang magkapatid. Ulila na sila

Thoughts Of Love - Jean Mae Oryza

sa ama at tanging ang mommy niya na lang na nasa Pilipinas ngayon ang kasa-kasama nila sa buhay.

Simula nang mamatay ang daddy niya sa sakit na cancer nine years ago ay inako niya na ang responsibilidad bilang padre de familia. Twenty-one years old pa lang siya noon at katatapos pa lamang ng college. Sumabak agad siya sa pamamahala ng naiwang kompanya ng ama at sa awa ng Diyos, napagtagumpayan niyang ipagpatuloy ang naiwan nito.

Paano niya ngayon ipapaliwanag sa ina kung bakit nawawala ang kapatid niya at ayaw magpahanap? Worse, paano niya sasabihin na ang nag-iisang anak nitong babae ay nagtanan sa edad na twenty-three? Maniniwala kaya ang mama niya?

Ni hindi man lang niya alam kung saan dadalhin ng lalaking iyon si Lalaine dahil isang beses niya pa lang itong nakikita. Hindi niya hahayaang ipagkatiwala kay Robert si Lalaine. Kahit pa sabihing naniniwala siyang mahal nito ang kapatid niya, hindi pa rin niya maialis ang mag-alala. Babae ang sa kanya. Paano kung may mangyari sa mga ito at mapahamak ang kapatid niya?

Huwag naman sana!

Natigil ang pag-iisip niya nang may mag-doorbell nang walang humpay. Tila nagmamadali ito at hinahabol yata ng sampung demonyo. Sino kaya ang maaaring pumunta sa apartment ng kapatid niya?

“In a sec!” sigaw ni Iver sa pagbabakasaling marinig ng nasa labas at tigilan na ang pag-doorbell. Ibinulsa niya sa likod ng pantalon ang sulat at pagkatapos ay halos takbuhin niya na ang pintuan. Para lang mapatda nang makita kung sino ang namumula sa galit na nasa labas ng apartment.

“Where the hell is that bitch!” bungad agad ni Charm sa lalaking nagbukas ng pinto.

She was half-expecting na hindi si Lalaine ang magbubukas ng pinto dahil sa telepono pa lang ay nasabihan niya na ito. Sana pala ay hindi niya na sinabi na pupunta siya at sinorpresa na lang ang dalawa. Tuloy, mukhang nakapaghanda ang mga ito.

Noon pa ay nahimigan niyang parang may kinahuhumalingan si Robert na ibang babae ay pinaimbestigahan niya na agad ang lahat ng tungkol sa karibal. Maging kung saan ito nakatira. Ganoon siya kapag nate-threaten ang kaligayahan niya.

“Miss, calm down. I’m sure we can talk this in

a—”

“No! I want that bitch! Let her out!” Pumasok siya sa loob ng apartment.

“Stop calling my sister a bitch, okay?”

“Ah, so kapatid mo pala ang tinamaan ng magaling?” Namaywang siya. “Nasaan siya? Ilabas mo! Hindi ikaw ang kailangan ko!”

Hindi sa minamaliit niya ang kaguwapuhan ng mga Filipino dahil Pinay rin naman siya. But the guy was too handsome para maging Filipino. Kunsabagay, ano nga naman ang inaasahan niya sa isang mayamang angkan na katulad ng mga Olivares na napag-alaman niyang taga-Cebu? Natural kundi ang gumastos para sa enhancement ng mukha, mag-aral ng kung anu-ano sa ibang bansa at magwaldas ng pera. Pero duda siya kung pina-enhance ng lalaki ang mukha nito at katawan. Mukhang natural na natural ang lahat dito, mula ulo hanggang paa. Idagdag na ang muscles nito na nasa tamang lugar.

Kay Lalaine pa lang ay alam niya nang may lahing Español ang mga ito. Tisay kasi ito at flawless. Kaya hindi nakapagtataakang ganoon din ang kapatid nitong lalaki. Natural ang mamula-mulang labi nito na mapapahiya ang sinumang babae. Meaning, hindi

ito nagyoyosi unlike Robert. Matangos ang ilong at kitang-kita niya sa mga mata nito ang pinipigilang galit. May stubbles din ito sa paligid ng bibig na sa palagay niya ay sinadya nitong hindi ahitin. Pero sa una pa lang, hindi niya na type ang mga lalaking nakikipagkompetensya sa kanya sa kaputian. Kaya nga kay Robert na isang morenong Pinoy pa rin siya nakipagrelasyon kahit naroon siya sa New York.

Pero teka nga muna, Charm! Ano't biglang-bigla ay pinagkukumpara mo ang dalawa? Away ang pakay mo dito, gaga!

“She’s not here.” Halos mag-isang linya na ang mga kilay nito dahil sa tinitimping galit.

“Hoy!” Dinuro niya ito. “Huwag na huwag mong maitago-tago sa ’kin ang mang-aagaw na ’yun! Kahit sa loob ng ref mo pa siya nilagay, makikita at makikita ko pa din siya!”

“My sister has a name. It’s Lalaine. So please stop calling her bitch, tinamaan ng magaling at mas lalung-lalo na ang mang-aagaw.”

“Bakit? Hindi mo ba alam kung ano’ng ginawa sa ’kin ng magaling mong kapatid? I can call whatever I want dahil may karapatan ako!” Nilagpasan niya ito. Napasunod naman ang lalaki sa kanya.

“Look, Miss, I told you Lalaine’s not here. Umalis siya!”

Itinaas niya ang isang kamay at iniharap ang nakabukas na palad sa mukha ng lalaki. Natigilan naman agad ito.

Sinimulan niya ang paghahanap—mula sala hanggang kusina. Pinasok niya rin nang walang paalam ang dalawang kuwartong naroon at buong kakapalang hinahalughog iyon. Tiningnan niya ang ilalim ng kama, pero wala ni kuko ng babae. Nang tumayo siya mula sa pagsilip sa ilalim ng kama ay nakita niya ang lalaking nakasandig sa frame ng pinto at nakahalukipkip. Parang nangangati na itong bigyan siya ng sarkastikong ngiti.

“Care to check our ref?” Sa wakas ay hindi nito pinigilang itago ang sarkasmo sa tinig at ngiti nito.

Itinaas niya lang ang baba pati na ang isang kilay niya kahit na ramdam niya ang pamumula ng mukha niya. Tama ito; wala nga roon ang babae. Gayunpaman, mamamatay muna siya bago niya amining napahiya siya sa harap ng estranghero.

“Magaling lang magtago ang kapatid mo. Ano’ng malay ko kung tumalon siya sa bintana para lang hindi humarap sa ’kin? But one thing I can assure you,

bago matapos ang araw na 'to, makikita at makikita ko si Lalaine. Pasensyahan na lang tayo kung ano'ng magawa ko sa magaling mong kapatid,” taas-noong sabi niya at tinalikuran na ito.

Nagmamadali ang kilos ni Charm. Ang gusto niya na lang ay makaalis ng building na iyon. Pahiyang-pahiya siya! Sugod siya nang sugod. Wala naman pala roon ang sinusugod niya. Binuksan niya ang pinto ng kotse.

Akmang papasok na siya nang bigla na lang may kamay na pumigil sa kanya. Napatingin siya sa nagmamay-ari niyon. Bumilis ang tibok ng puso niya nang makita ang kapatid ni Lalaine.

“Where are you going?” Magkasalubong ang mga kilay nito.

Umigkas ang isang kilay niya. “What’s it to you?”

“Hahanapin mo ba ang kapatid ko at susugurin?”

“Kung sabihin kong oo?” hamon niya.

Nabigla siya sa sumunod nitong ginawa. Mula sa mariing hawak nito sa isang kamay niya ay kinaladkad siya nito palayo sa sasakyan niya. Nanlaki ang mga mata niya.

Biglang nag-panic ang lahat ng vital organs niya. “Ano’ng ginagawa mo? Saan mo ko dadalhin? Bitawan mo ’ko!” Nagpumilit siyang pumiglas.

“Responsibilidad kong protektahan ang kapatid ko mula sa mga taong kagaya mo.”

“Ano’ng tingin mo sa ’kin, mamamatay-tao para kailanganin mo pang proteksyunan ang kapatid mo?”

“Ikaw na rin ang may sabi, di ba? Pasensyahan tayo kung anuman ang magawa mo sa kapatid ko? P’wes, pasensyahan din tayo kung ano’ng magawa ko sa ’yo.”

“What!” Doon na siya tuluyang kinabahan. Nagpumiglas siyang lalo. “Help! Somebody help me!” she shouted with all her strength hoping that somebody might hear her. Pero wala siyang makitang tao sa basement. Maging ang guard na nakita niya kanina sa labas ng elevator ay wala sa post nito. *Shit!*

Ano ang malay niya kung sa kabila ng kaguwapuhan ng lalaki ay masama pala ang ugali nito? Mas masama pa sa kapatid nito? Paano kung gahasain siya? Oh, God! Kahit naman guwapo ito, hindi niya pinangarap na isuko ang Bataan sa isang estranghero. Kasehodang kusang lumaglag ang underwear niya dahil sa kaguwapuhan nito.

Nagulat siya nang takpan nito ng panyo ang bibig niya at pinulupot ang isang kamay nito sa maliit niyang baywang. Pagkatapos ay bahagyang umangat siya sa ere. She was expecting na mahihilo siya anytime dahil baka nilagyan nito ng kung anong gamot ang panyo nito. Pero hindi gamot ang naamoy niya. Mabango iyon. Parang katulad ng amoy ng lalaking nakapulupot sa kanya.

Nagpumilit pa rin siyang pumiglas. Pero talagang mas malakas ang lalaki sa kanya. Wala na siyang nagawa nang ipasok siya nito sa isang sasakyan. Nang dali-dali itong umikot sa kabilang panig ng sasakyan ay pagkakataon niya na sana iyon para makatakas. Pero bago pa niya maitapak sa semento ang isa niyang paa ay pinigilan na naman siya ng lalaki na nasa loob na pala ng sasakyan. Sinara nito ang pinto sa tabi niya.

“Just let me go, please?” Hindi niya intensyong magmakaawa sa lalaki. Pero iyon ang lumabas sa bibig niya. Nasa kontrol nito ang lock ng sasakyan. Kaya paano pa siya makakaalis?

“Unless masiguro kong ligtas ang kapatid ko sa 'yo, hindi kita pakakawalan.”

“Hindi ko siya susugurin, okay?” Totoo iyon. Sinabi lang niya iyon kanina sa apartment para

ibangon ang pagkapahiya niya.

Tinitigan siya nito. Tila inaarok kung nagsasabi siya ng totoo. Ang kaninang red alert sa katawan ay bumaba sa code white alert. Sa kabila ng nangyayari sa kanya ngayon, hindi niya makuhang matakot dito, totally. Maybe it had something to do with his eyes. May nakikita pa rin siyang kung ano sa mga mata nito na hindi niya maipaliwanag, kahit gaano pa ito kagalit.

“Sorry but I’m not buying it,” anito at pinaandar na ang makina.